

8

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwartar 3

Aralin

4

Banghay Aralin sa Asignatura 8
Kuwartar 3: Linggo 4
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon.

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Piedad O. Diola

Tagasuri:

- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY ARALIN

ARALING PANLIPUNAN, KUWARTER 3, IKAAPAT NA LINGGO ANTAS 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	<i>Mga Kasanayan</i> Natataya ang mga sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. 1. Nasusuri ang sanhi, pangyayari, at pagbabagong dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa kasaysayan at sa kasalukuyan. 2. Natatalakay ang mga pagbabagong naidulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa lipunan, pamumuhay at kalagayan ng lahat ng mamamayan sa buong mundo.. 3. Nahihinuha ang implikasyon ng pagbabagong dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
D. Nilalaman	Ikalawang Digmaang Pandaigdig
E. Integrasyon	Panahon, Pagpapatuloy, at pagbabago (Time, Continuity, and Change)

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	
Hughes, T. A. and Royde-Smith, . John Graham (2024, May 19). World War II. <i>Encyclopedia Britannica</i> . https://www.britannica.com/event/World-War-II	
Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 19). Cold War. <i>Encyclopedia Britannica</i> . https://www.britannica.com/event/Cold-War	

Gleditsch, K. Skrede (2024, May 9). civil war. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/civil-war>

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, February 20). World War II summary. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/summary/World-War-II>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA SA GURO										
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	Unang Araw 1. Maikling Balik-aral Gawain: Hang Me Up Panuto: Isabit sa angkop na pangkat ang mga konseptong natalakay sa nakaraang pagkikita. KOMUNISMO PASISMO NAZISMO MILITARISMO TOTALITARYANISMO  https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/ Mga Konseptong isasabit sa bawat pangkat/hanger A. Pamahalaang Diktaturyal B. Benito Mussolini C. Adolf Hitler D. Pagpaparami ng Armas' E. Walang negosyong pagmamay-ari ang mga indibidwal F. Tinatayang kabaligtaran ng Demokrasya G. Pamahalaan sa Italya sa ilalim ni Benito Mussolini H. Pamahalaan sa Germany sa ilalim ni Adolf Hitler I. Ginamit ng bansang Hapon upang makisangkot sa digmaan J. Lumaganap sa Russia at China bilang sistema ng ekonomiya	Pinagkunan ng larawan <i>hanger.</i> (n.d.). https://www.istockphoto.com/search/2/image-film?phrase=clothes+hanger Batayan ng Kasagutan: <table><tr><td>Militarismo :</td><td>D. I.</td></tr><tr><td>Pasismo :</td><td>B G</td></tr><tr><td>Nazismo:</td><td>C H</td></tr><tr><td>Komunismo:</td><td>F J</td></tr><tr><td>Totalitarianismo</td><td>A E</td></tr></table>	Militarismo :	D. I.	Pasismo :	B G	Nazismo:	C H	Komunismo:	F J	Totalitarianismo	A E
Militarismo :	D. I.											
Pasismo :	B G											
Nazismo:	C H											
Komunismo:	F J											
Totalitarianismo	A E											

B. Paglalahad ng Layunin	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Gawain: Video Watch Pambungad: • (1939–45) Internasyonal na salungatan lalo na sa pagitan ng mga kapangyarihan ng Axis—Germany, Italy, at Japan—at ang Allied powers—France, Britain, U.S., Soviet Union, at China. • Ang kawalang-tatag sa pulitika at ekonomiya sa Alemanya, na sinamahan ng pagkatalo nito sa Unang Digmaang Pandaigdig at ang malupit na nilalaman ng Treaty of Versailles, ay nagbigay-daan kay Adolf Hitler at sa Partido ng Nazi na umangat sa kapangyarihan at muling nagpasimula ng panibagong hamon ng digmaan. • Sinalakay ng Alemanya ang Poland noong Setyembre 1, 1939. Pagkaraan ng dalawang araw ay nagdeklara ng digmaan ang France at Britain laban sa Alemanya. Ang pagkatalo ng Poland ay sinundan ng isang panahon ng kawalan ng aktibidad ng militar sa Western Front, na kilala bilang Phony War. At ito ang simula ng ikalawang digmaan sa Europa matapos ang biglaang paglusob ng Germany sa Poland (blitzkrieg) Gawain: Video Watch Panoorin ang <i>video</i> at sagutin ang mga pamprosesong tanong https://www.youtube.com/watch?v=c23wlm8Vx00&t=17s Pamprosesong Tanong: 1. Anu-ano ang mga naging sanhi ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa at Asya? 2. Ano ang kahalagahan ng petsang Setyembre 17, 1939 sa kasaysayan ng Europa? 3. Ipaliwanag ang kahulugan ng Blitzkrieg. Paano ito naging isa sa hudyat ng pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig? 4. Ano ang tinawag sa kasaysayan na “Operation Dynamo”? 5. Paano nasangkot sa digmaan ang United States of America? Ano ang naging kaalyado niyang bansa? 6. Bakit nagkaroon ng digmaan sa Pasipiko?	
--	---	--

	1. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin Digmaang Sibil - (civil war) ay isang digmaan sa pagitan ng mga itinayong mga grupo sa isang bansa o republika. Ang layunin ng isang grupo ay upang pangasiwaan ang buong bansa o isang rehiyon upang makamit ang kalayaan o upang palitan ang namumunong kasalukuyang gobyerno ng isang bansa. Blitzkrieg - isang salita na ginagamit upang ilarawan ang isang sorpresang pag-atake ng pinagsama-samang armas gamit ang isang mabilis, puspos na konsentrasyon ng pwersang militar. Atlantic Charter - ng magkasamang deklarasyon ng presidente ng bansang USA na si Franklin D. Roosevelt at British Prime Minister na si Winston Churchill noong August 14, 1941. Ito ay isang kasulatan na nagsasaad ng mga layunin ng mga naturang bansa noong World War II. Pearl Harbor - kilala sa mga Hawaiiano na Pu'uloa ay isang lagoon o harbor sa isla ng O'ahu, Hawai'i na kanluran ng Honolulu. Ang karamihan nito at palibot na mga lupain ay isang base ng hukbong dagat ng Estados Unidos. Eto rin ang punong-himpilan ng U.S. Pacific Fleet. Bomba Atomika - bombang nuklear na nagmula sa biglang pagkahati o pagkabiyak ng atomo. Ginamit ng hukbong Amerikano upang pasabugin ang dalawang malaking syudad ng Japan, hudyat upang sumuko ito sa Amerika at natigil ang digmaan sa Pasipiko maging sa Pilipinas.	
C. Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 1: Sanhi ng Pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig – Pagproseso ng Pag-unawa Muling balikan ang pinanood na <i>video</i>. Bigyang pansin ang pitong sanhi ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Video link: (mga kaganapan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. https://www.youtube.com/watch?v=JgnyXPrKtog Pinatnubayang Pagsasanay Gawain: FILL IN THE BOX <i>(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)</i> Paglalatapat at Pag-uugnay Gawain: In The News <i>(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)</i>	Maaaring magkaroon ng pangkatang gawain upang matalakay ang mga sanhi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. 1. Pagsasatao 2. Dula-dulaan 3. Sabayang Pagbasa 4. Debate Mga Kasagutan 1. agresyon 2. Versailles 3. Adolf Hitler 4. Allied Forces

	Ikalawang Araw Kaugnay na Paksa 2: Mga Mahahalagang Pangyayari sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig Pambungad - Noong unang bahagi ng 1941 ang Hungary, Romania, at Bulgaria ay sumali sa Axis, at mabilis na sinakop ng mga tropang Aleman ang Yugoslavia at Greece noong Abril. Noong Hunyo, tinalikuran ni Hitler ang kanyang kasunduan sa Unyong Sobyet at inilunsad ang Operation Barbarossa, isang napakalaking sorpresang pagsalakay sa Russia. - Sa Silangang Asya pinalawak ng Japan ang pakikipagdigma nito sa China at inagaw ang mga kolonyal na pag-aari ng Europe. Noong Disyembre 1941 inatake ng Japan ang mga base ng US sa Pearl Harbor at sa Pilipinas. - Ang US ay nagdeklara ng digmaan sa Japan, at ang digmaan ay naging tunay na pandaigdigan nang ang ibang Axis powers ay nagdeklara ng digmaan sa U.S. - Mabilis na sinalakay at sinakop ng Japan ang halos lahat ng mga bansa sa Timog Silangang Asya, Burma, Netherlands East Indies at Pilipinas (1944) - Unti-unti, lumakas ang kampanya ng USA na sinundan ng matagumpay na Labanan sa Leyte Gulf at ang magastos na Labanan ng Iwo Jima at Okinawa (1945). - Dahil sa laki ng nagastos sa digmaan, at sunud-sunod na pagkatalo sa ibang lugar sa Asya, sinamantala ito ng USA upang salakayin ang Japan. - Ang U.S. ay naghulog ng mga bombang atomika sa Hiroshima at Nagasaki noong Agosto 1945, kaya't pormal na sumuko ang Japan noong Setyembre 2, 1945 na siyang naging pagtatapos ng digmaan sa Pasipiko. Pagproseso ng Pang-unawa Mga Bansang Sangkot sa Digmaan Pambungad - Ang isang dahilan kung bakit maraming nasankot na bansa sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang pakikipag-alyansa. <i>Allied Powers</i> ang tinawag sa koalisyon ng mga bansang sumalungat sa <i>Axis Powers</i> (pinamumunuan ng Germany, Italy, at Japan) noong World War II. - Ang mga pangunahing miyembro ng <i>Allies</i> ay ang United Kingdom, ang Unyong Sobyet, ang Estados Unidos, at China (ang "Big Four"), pati na rin ang France habang ito ay wala pang sumasakop. - Kasama rin sa mga Allies ang bawat iba pang lumagda sa Deklarasyon ng United Nations (Enero 1, 1942): Australia, Belgium, Canada, Costa Rica, Cuba,	5. Pasismo
--	---	------------

	Czechoslovakia, Dominican Republic, El Salvador, Greece, Guatemala, Haiti, Honduras, India, Luxembourg, Netherlands, New Zealand, Nicaragua, Norway, Panama, Poland, South Africa, at Yugoslavia. • Ang mga lumagda sa panahon ng digmaan ay Mexico, Pilipinas, Ethiopia, Iraq, Brazil, Bolivia, Iran, Colombia, Liberia, France, Ecuador, Peru, Chile, Paraguay, Venezuela, Uruguay, Turkey, Egypt, Saudi Arabia, Syria, at Lebanon. • Samantala, ang Axis powers naman ay ang koalisyon na pinamumunuan ng Germany, Italy, at Japan na sumalungat sa Allied powers • Ang alyansa ay nagmula sa isang serye ng mga kasunduan sa pagitan ng Germany at Italy, na sinundan ng proklamasyon ng isang "axis" na nagbubuklod sa Roma at Berlin (Oktubre 25, 1936) na may dalawang kapangyarihan na nagsasabing ang mundo ay iikot sa axis ng Rome-Berlin. • Sinundan ito ng German-Japanese Anti-Comintern Pact laban sa Unyong Sobyet (Nobyembre 25, 1936). Panoorin ang video: Mga Bansang Sangkot sa World War II https://www.youtube.com/watch?v=N7xCv_eca5E Gawain: Color My World Matapos panoorin ang video, ipakita ang blankong mapa ng daigdig at kulayan ang mga bansang sangkot sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Mga Kaganapan sa Panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig • Ang mga unang taon ng digmaan ay nagdala sa Japan ng malaking tagumpay. Sa Pilipinas, sinakop ng mga hukbong Hapones ang Maynila noong Enero 1942, bagama't nagtagal ang pananakop sa Corregidor hanggang Mayo, 1942. • Disyembre 7, 1941, ang napili bilang petsa para sa pag-atake sa Pearl Harbor, hudyat upang madamay ang Pilipinas sa digmaan, maging ang Formosa o Taiwan sa ngayon. • Bumagsak ang Singapore sa kamay ng mga Hapones noong Pebrero, at ang Dutch East Indies at Rangoon (Burma) noong unang bahagi ng Marso, 1942 • Ang Hukbong Dagat ng Hapon ay nagsimulang unti-unting pakilusin ang mga pwersa nito sa mainland China upang maghanda para sa mga operasyon sa karagatan.	Pinagkunan ng larawan <i>blank world map.</i> (n.d.). https://www.twinkl.com.php/resource/au-g-45-blank-world-map Batayan ng Kasagutan Germany Japan Italy France Russia China Great Britain USA Pilipinas Poland Belgium Netherlands
--	---	--

	• Ang pagsulong ng mga Hapones, noong Hulyo 1941, sa katimugang bahagi ng French Indochina ay nagbunsod sa Estados Unidos na <i>i-freeze</i> ang mga ari-arian ng Hapon sa ibang bansa at pagkatapos ay magpataw ng kabuuang embargo sa mga produktong langis sa Japan. • Sa pagsisimula ng taong 1943, sunud-sunod na paglusob ang ginawa ng mga Allies upang pabagsakin ang Italy at Germany dahil sa kagustuhan ng mga Allies na buwagin ang mga Pasista hanggang noong 1945. • Ang Soviet Union naman ay naging abala para sa tinaguriang <i>Battle of Stalingard</i> na kung saan gamit ang malaking bilang ng reinforcement mula sa Soviet Union ay tinalo ang mga sundalong Aleman sa mismong bansa nila. • Taong 1944 nang magkaroon ng malawakang pagsalakay ang mga Allies sa Kanlurang Europa at nagtuloy-tuloy sa pagsulong sa Germany noong 1945. • Dahil dito, napalaya mula sa mga Aleman ang Luxembourg, Belgium, at Netherlands noong Setyembre 1944. • Abril 1945, tuluyan nang nakapasok ang mga Alyado sa Alemanya at nakapalibot na sa Berlin. • Abril 30, 1945, pinili ni Hitler na magpakamatay na lamang sa halip na sumuko sa hukbong Alyado. • Tinawag na <i>Unconditional surrender</i> ng <i>Third Reich</i> ang pagsuko ng Germany noong Mayo 7, 1945 • Ang pagtatapos ng digmaan sa Europa ay Tinawag na V-E Day o Victory in Europe Day sa kasaysayan. • Agosto 6, 1945, upang tuluyang nang matigil ang digmaan sa Pasipiko, inihulog ng puwersang Amerikano ang unang bomba atomika sa lungsod ng Hiroshima na pumatay sa maraming sibilyan. • September 2, 1945-Pormal na nilagdaan ang kasunduan ng pagsuko ng mga Hapones kay Heneral MacArthur na ginanap sa barkong pandigma na USS Missouri. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain: Before and After <i>(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel)</i> Paglalapad at Pag-uugnay Gawain: Compare Me Not <i>(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)</i>	Karagdagang Sanggunian
--	---	------------------------

	Ikatlong Araw Kaugnay na Paksa 3: Mga Pagbabagong Dulot ng Digmaan Pagproseso ng Pag-unawa Pambungad A. Pagbabago sa Lipunan ● Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang pinaka mapanirang digmaan sa kasaysayan. ● Ang mga pagtatantya ng mga namatay ay mula 35 milyon hanggang 60 milyon. ● Ang kabuuan para sa Europa lamang ay 15 milyon hanggang 20 milyon—mahigit dalawang beses na mas marami kaysa noong Digmaang Pandaigdig I. ● Hindi bababa sa 6 na milyong Judiong lalaki, babae, at bata, at milyon-milyong iba pa, ang namatay sa mga kampo ng paglipol ni Hitler. ● Maging sa Germany, sa tong1945 na may 70 milyong populasyon, 7 milyon dito ang namatay dahil sa digmaan. B. Pagbabago sa Politika ● Sunud-sunod, karamihan sa mga bansa sa kontinental Europa ay sinalakay at sinakop. ● Nawasak ang malaking bahagi ng Europa; ang mga lungsod ay nasira ng mga bagyo, ang kanayunan ay nasunog at nagdilim, ang mga kalsada ay nagkaroon ng mga butas dahil sa bomba, ang mga riles ay hindi gumagana, ang mga tulay ay nawasak o pinutol, ang mga daungan ay puno ng lumubog na barko. ● Mula 1935 hanggang 1945, 6- milyong tao sa Europe ang nakitang lumikas dahil sa digmaan.. ● Kamatayan, pagkawasak, at malawakang paglilipat—lahat ay nagpapakita kung gaano na kahina ang mga mapagmataas na bansa ng Europa.	
--	---	--

Pagbabago sa Timog Asya at Timog Silangang Asya

Ang resulta ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdala ng mga makabuluhang pagbabago sa Timog Asya at Timog Silangang Asya, kapwa sa pulitika at panlipunan. Narito ang ilang mahahalagang pagbabago sa bawat rehiyon:

Rehiyon	Mga Pagbabago
Timog Asya	Kalayaan Mula sa Mananakop • Kalayaan ng India mula sa pamamahala n Great Britain • Paghihiwalay ng 2 Nasyon: India at Pakistan (1947)
	Tensyon sa Politika • Ang pagkahati ng British India ay humantong sa napakalaking pagpapalitan ng populasyon at karahasan sa pagitan ng mga Hindu, Muslim, at Sikh. • Milyun-milyong tao ang nawalan ng tirahan, at nagpatuloy ang mga komunal na tensyon sa mga bagong nabuong bansa ng India at Pakistan, na humantong sa mga salungatan tulad ng mga digmaang Indo-Pakistani
	Pagsasama-sama ng Princely States • Pagkatapos ng kalayaan, ang mga pangunahing estado ng India ay binigyan ng opsyon na sumali sa alinman sa India o Pakistan.
	Demokratikong Pamamahala • Ang India ay nagpatibay ng isang demokratikong sistema ng pamamahala, na may regular na halalan at isang parlyamentaryong anyo ng pamahalaan,.
	Sosyo-Ekonomikong Kaayusan • Nagtatag ng iba't ibang <i>socioeconomic</i> na reporma na naglalayong tugunan ang kahirapan, hindi pagkakapantay-pantay, at kawalan ng hustisya sa lipunan. • Ilan sa repormang ito ay tungkol sa lupa, sa edukasyon, at pagsulong ng maliliit na industriya ay isinagawa upang iangat ang mga <i>marginalized</i> na komunidad at pagyamanin ang pag-unlad ng

		ekonomiya.	
	Timog Silanga ng Asya	Pagtatapos ng Pananakop Paghina ng kapangyarihang Europeo at paglaya ng mga bansa tulad ng indonesia, Vietnam, Burma (Myanmar), Pilipinas at Malaysia	
		Vietnam War - Ang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang simula ng Unang Digmaang Indochina (1946-1954) sa pagitan ng mga pwersang Nasyonalista ng Vietnam sa pamumuno ni Ho Chi Minh at ng kolonyal na administrasyong Pranses. - Humantong sa pagkakahati ng Vietnam sa Hilaga at Timog Vietnam	
		Pagbuo ng ASEAN - Ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay itinatag noong 1967 bilang isang rehiyonal na organisasyon na naglalayong itaguyod ang kooperasyong pang-ekonomiya, katatagan ng pulitika, at pag-unlad ng kultura sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. - Ang ASEAN ay gumanap ng mahalagang papel sa pagpapaunlad ng integrasyon at pagtutulungan ng rehiyon.	
		Pag-unlad ng Ekonomiya - Pagkatapos magkaroon ng kalayaan, maraming bansa sa Timog-Silangang Asya ang nagpatuloy ng mga patakarang naglalayong pag-unlad ng ekonomiya at modernisasyon. - Ang rehiyon ay nakaranas ng mabilis na paglago ng ekonomiya, na pinalakas ng industriyalisasyon, dayuhang pamumuhunan, at mga estratehiyang nakatuon sa pagluluwas. - Ang mga bansang tulad ng Singapore, Malaysia, Thailand, at Indonesia ay naging kilala bilang "<i>Asian Tigers</i>" para sa kanilang kahanga-hangang mga rate ng paglago ng ekonomiya.	

	Gawain: Video watch Panoorin ang video: Epekto ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig https://www.youtube.com/watch?v=jUbQF8VYg8E&t=28s Mga Gabay na Tanong 1. Gaano kalawak ang naging pinsala ng digmaan sa mga bansang sangkot dito? Magbigay ng halimbawa 2. Ano ang epekto sa ekonomiya partikular sa agrikultura matapos ang digmaan? 3. Ano ang naging kalagayan ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain dahil sa naging epekto ng digmaan sa agrikultura? 4. Ipaliwanag ang naging kalagayan ng mga imprastraktura sa mga bansang sangkot sa digmaan. 5. Anu-anong pagbabago sa politika ang naganap matapos ang digmaan? 6. Isa-isahin ang mga bansang nagdeklara ng kani-kanilang kasarinlan o kalayaan matapos ang digmaan. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain: It's A Chart <i>(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)</i> Ikaapat na Araw Paglalahat at Pag-uugnay Gawain: Paggawa ng Advocacy Campaign <i>(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)</i>	
D. Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto Gawain: Raise The Flag <i>(Tingnan sa pahina 8 ng Sagutang Papel)</i> 2. Pagninilay sa Pagkatuto Gawain: KANTAnalysis <i>(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)</i>	Pinagkunan ng lyrics <i>imagine lyrics.</i> (n.d.). https://genius.com/John-lennon-imagine-lyrics. Video https://www.youtube.com/results?search_query=imagine+by+beatles

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY				MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	Pangwakas na Gawain: <i>(Tingnan sa pahina 9-10 ng Sagutang Papel ang mga gawain)</i> Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Sagutin: 1. Magsaliksik tungkol sa mga sumusunod na paksa: a) Cold War b) Truman Doctrine at Marshall Plan c) NATO at Warsaw Pact d) Krisis dulot ng Digmaan 2. Magpokus sa katuturan, epekto at implikasyon sa kasaysayan ng mga nabanggit na konsepto.			Batayuan ng Kasagutan A. 1. F 2. A 3. E 4. C 5. D 6. 7. J 8. G 9. H 10. I
A. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	<i>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</i> <i>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</i>
	Estratehiya			
	Kagamitan			
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral			
	At iba pa			

B. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba? Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>	<i>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro</i>
----------------------	--	---